

1

May biniling regalo si Gallen para sa kanyang abuela sa *Shangri-La Plaza Mall* saka niya naisipang tumawid sa kabilang panig ng Shaw Boulevard. May isang specialty shop sa dakong iyon ng Crossing, Mandaluyong kung saan doon siya madalas bumili ng mga vintage comics na hilig niyang basahin mula pa noong bata. Doon niya naisip palipasin ang paghihintay sa kanyang driver na naghatid ng isang kaibigan sa Marikina.

Hindi niya alintana ang ulan dahil waterproof ang kanyang jacket. Mas inalala niya na baka hindi makarating sa oras ang kanyang driver dahil alam niyang madaling bahain ang mga kalye na dadaanan ng sasakyan.

Tatlong oras nang walang tigil ang ulan sa buong Metro Manila at iyon ay flashflood ang idinulot sa mabababang lugar. Narinig din niya ang weather forecast nang hapong iyon. May malakas na bagyong paparating.

Mula sa vintage comics shop na kinaroroonan niya ay kita niya sa salamin kung gaano karami na ang mga taong stranded. Sa quince minutos na nandoon siya sa loob ng store ay nakita niya kung gaano kabilis dumami ang tao sa pila ng jeepney at FX taxi patungong Eastern Metro Manila. Subalit walang halos dumating na masasakyan ang mga ito kaya lumiko na ang pila na parang barbecue na bitukang manok at patuloy pa rin na dumarating

ang mga taong walang masakyan.

Matapos bayaran ang ilang pirasong *Batman* at *Superman Comics* ay lumabas si Gallen ng shop at napatingin sa kanyang relo. Tumunog din ang kanyang cellphone at nakitang may text message mula sa driver na si Mang Dolfo. Mabagal daw ang takbo ng trapiko sa Pasig dahil sa baha.

Nanatili siyang nakatayo sa labas ng comics shop kung saan hindi siya nauulanan saka muling napatingin sa kanyang relo at sukat doon ay may bumangga sa kanya. Nalaglag ang bag ng babae at sumambulat ang laman niyon sa harapan nila.

“Sorry, my fault,” anito na noon ay nasa akto nang dudukwang upang pulutin ang mga gamit nito.

“It’s all right,” aniya na kaagad pinulot ang mga sumambulat na gamit-pambabae gaya ng lipstick, isang pocket planner, ballpen, cellphone, wallet at isa-isa rin niyang iniabot ang mga iyon sa babae. Nang iaabot na niya ang huling bagay ay wala na ito sa harapan niya. “Ang panyo mo, Miss,” sabi niya sa sarili na lamang habang sinusundan ng tingin ang estranghera. Nakita niyang nagmamadali itong tumawid ng kalye patungo sa pila ng mga pampasaherong jeepney.

Napangiti siya nang mapagmasdan ang hugis ng mga binti ng babae.

Rolls Royce ng mga legs! Napansin din niya ang magandang hubog ng katawan at kung paano nito dalhin ang simpleng

blusang puti at palda na old rose. *Hindi siya dapat sa jeep sumakay...* Napatingin siya sa tangan na panyo at nakitang iyon ay may quality—puting linen na may Brussels lace sa isang gilid at may monogram na cursive double R. Ang amoy niyon ay mamahaling pabango.

Patuloy siyang naghintay na dumating ang kanyang kotse at hindi rin naiwasang mapatingin sa kinaroroonan ng babaeng iyon na nakabunggo sa kanya. Hindi ito bagay na tumayo roon sa pila subalit ano ang kanyang magagawa?

May dumating na isang jeepney at bigla na lamang nakalas ang pila at nag-una-unahan ang mga tao na makasakay.

Halos mapailing si Gallen sa nakitang tagpo.

Alam niyang tiyak na ilang oras nang nakatayo ang mga tao roon kaya desperado na ang mga ito na makasakay. Nakita rin niya na hindi tuminag mula sa kinatatayuan nito ang babae. Halatang hindi ito ang tipo na makikipagsiksikan.

She has poise, aniya sa sarili na halos makadama ng simpatya at paghanga, like a rose on a dungheap!

Natawa siya sarili sa figure of speech na ginamit para ilarawan ito.

Saka niya nakita ang bagong dating sa pila—isang babaeng may kargang sanggol na noon ay malakas na umiiyak, kasunod nito ay tatlo pang mga anak. Ang panganay ang may bitbit na

A Rose Named Romaine- Audrey Torres

isang kahon na tinalian lamang ng manipis na lubid abaca; ang susunod ay may bitbit na plastic bag at thermos at ang isa pa ay may bitbit na bag. Mukhang galing pa sa malayong lugar ang mga ito.

Napansin niyang ilang beses na nilingon ng babae ang mag-iina. Saka may dumating na isang jeep pampasahero at kumaripas na naman ang mga tao upang mag-unahan na makasakay. Napuno kaagad ang jeep at nagbalikan sa kung saan-saang puwesto ang mga tao at halos mapailing si Gallen sa tagpong kanyang nasaksihan.

Halos isang oras na siyang naghihintay; nakaikot na siya nang ilang beses sa mga bukas na tindahan sa Crossing ay wala pa rin ang kanyang sundo. Dadalawa lang din ang jeepney na dumating sa paradahan ng sasakyan at hindi pa bumiyahe ang mga ito. Nang pumosisyon ang isa upang magpasakay ng mga pasahero ay nakita niyang mabilis na lumapit ang estrangherang kanyang nakabunggo sa babaeng may kargang bata. Tinanganan nito ang kamay ng dalawa pang anak ng babae at nakipaggititan sa mga tao hanggang makarating ito sa estribo ng jeep.

“Amazing!” bulong niya sa sarili na tila nais na naroon siya sa malapit upang marinig kung ano ang sinabi ng magandang babae dahil dalawang lalaki ang umibis at pinapanhik ang babaeng may kargang sanggol. Sumunod ay umakyat na rin ang tatlo pang mga bata at umandar na paalis ang jeep.

Nagsibalik na sa pila ang mga taong hindi nakasakay at isa

sa mga iyon ay ang babaeng nakapalda ng old rose.

Noon naman dumating ang kotse niya, subalit hindi maatim ng binata ang isipin na gumagabi na ay nandoon pa rin sa pila ang babae kaya siya ay kagyat na nagpasya.

Napangiti si Mang Dolfo nang sabihin niya rito ang nais mangyari. Sanay na ito sa mga *weird requests* ng amo lalo pa't may kinalaman ang isang magandang babae.

Kung kailan naman masama ang panahon ay saka nasiraan ang aking sasakyan, nanlulumong saad ni Romaine sa sarili habang pinagmamasdan kung gaano siya kalayo mula sa unahan ng pila. Masaya siya sa isipin na natulungan niya ang mag-iinang nanggaling pa sa malayong lugar. At least, on the way home na sila...

“Miss,” anang lalaking nasa unahan niya, “tila ikaw ang nais makausap nitong mama.”

Saka niya napansin ang matandang lalaking iyon na pilit kunin ang kanyang attention.

“Ano po iyon?” pormal niyang tanong.

“Puwedeng pakibantay ang puwesto niya?” pakiusap nito sa lalaking nasa bandang unahan niya saka ito muling humarap sa kanya. “Halika at doon tayo mag-usap, Ineng.”

Nagtungo sila sa di-kalayuan mula sa pila ng mga pasahero. Tatangi sana siya, subalit mukhang kagalang-galang naman ang matandang lalaki at may maamo itong mukha.

“Tiyak na mahihirapan kayong makauwi ngayon, Miss,” anito na nakasuot ng barong Tagalog na walang burda.

“Mukhang ganoon na nga po,” tugon niya. *Saang munisipyo kaya ito empleyado o baka isang driver?*

“Nautusan po ako ng aking amo na ihatid kayo kung saan man kayo uuwi,” sabi ng matandang lalaki.

“Really?” napangiti niyang sabi na hindi makapaniwala sa narinig. *Unheard of.. para akong pini-pick-up!* Nakita niyang naghihintay ito ng sagot. “Pakisabi na lamang sa iyong amo na salamat,” mahinahon niyang saad. May sasabihin pa sana siya subalit sabay silang napatingala—nagsisimula na namang pumatak ang malakas na ulan. Napatingin siya sa pila; ang mga taong hindi nasisilungan ng bubungan ng istasyon ng jeepney ay nagsikaripas ng takbo at lahat ay nagsumiksik na makasilong.

“Babalik ka pa ba sa pila?” tanong ng matandang lalaki.

“Wala na ang pila...” nanlulumo niyang sagot.

“Nagsimula na ang bagyo kanina pa at tiyak na lalakas pa ito mayamaya lang. Kung magdedesisyon ka kaagad ay maihahatid kita nang mabilis para makauwi na rin ako.”

“Sino itong amo mo?” tanong tuloy niya dahil nais na talaga

niyang makauwi. “Paano niya ako nakilala? I mean, kilala ko ba siya?”

“Ayaw niyang ipasabi,” nakangiting tugon nito.

“Bakit tila desidido kayong maihatid ako?” natatawa niyang tanong. “Sasakay ako pero kailangan ko munang makatiyak na hindi ako mapapahamak.”

“Huling araw ko na bilang driver,” tugon nito. “Sa isang linggo ay uuwi na ako sa probinsya at saka talagang kailangan mo ng tulong.”

“Gan’on po ba? Kung ganoon ay ayaw ninyong i-disappoint ang among ito sa inyong huling araw?” *The plot thickens...* aniya sa sariling lihim na nasisiyahan sa sitwasyon.

“Ganoon na nga, Ineng,” tango ng kausap. “Kung nais mo, pumili ka ng kapwa mo pasahero na maisasabay natin. Yung nakatira din sa lugar na patutunguhan mo.”

Noon naman ay may kasiyahang pumara ng isang taxi si Gallen. Mula sa tagiliran ng comics shop ay napanood niya ang eksena habang kausap ni Mang Dolfo ang babaeng nais niyang tulungang makauwi. Natawa siya nang makitang bukod pa babae ay tatlo pang katao ang pinasakay ng driver sa kanyang kotse.

Ayaw sigurong magpahatid na mag-isa... Elegant... helpful... sensible... cautious... Nakauwi siya na laman ng isipan ang babaeng ito na sa maikling panahon ay nakalikha ng matinding impression

sa kanya.

“...Noon lang ako nakakita ng isang babae na hindi ko kilala, pero may nalaman agad ako tungkol sa ugali niya,” enthusiastic pa ring kuwento ni Gallen sa best friend na si Eldon tungkol sa kanyang nasaksihan sa paradahan ng jeepney. Nasa harapan sila ng paborito nilang bar.

“Kaya naman inutusan mo si Mang Dolfo para ihatid ang babaeng ito,” tugon ng kaibigan habang nagsasalin ng beer sa baso nito. “Para malaman kung saan nakatira.”

“Exactly!” tango niya na itinaas ang kanyang bote ng beer saka siya umiling-iling. “But she obviously didn’t want her residence to be known.”

“Dati-rati, kotse mo pa lamang ang nakikita ng isang chick ay in love na kaagad sa ’yo,” anito na napatawa sa expression sa kanyang mukha. “Serves your ego right dahil panay lang naman ang palit mo ng nobya.”

“Paano akong hindi magpapalit,” rason niya na medyo hininaan ang boses, “I have a mother who monitors my relationships and a son who deserves to have the kindest stepmother in the world.”

“Kunsabagay,” tango ni Eldon, “Marion was the sweetest person in the world...”

Sabay silang natahimik na halatang inalala ang kanyang yumaong asawang namatay sa isang malagim na aksidente apat na taon na ang nakaraan. Isang malaking dagok para sa kanya ang pagkawala nito dahil nasa kolehiyo pa lamang sila ay magnobyong na sila.

“Jethro misses his mother,” sabi pa niya na pinilit maging normal ang tinig. “Hindi ko nais na basta na lamang mag-asawa just to fill the gap in our lives. I want this person to be sensitive about children. Bilin sa akin ni Marion bago siya nalagutan ng hininga ay huwag akong mag-aasawa ng isang babaeng aapihin si Jethro.”

“And you think Phoebe is the one?” tanong nito. “I am not judging her. I don’t know kung mahilig siya sa bata. But I know that she’s fond of her nephews and nieces... Kaso, she’s very career-oriented.”

“Wala akong masyadong expectation kung saan hahantong ang aming relasyon,” sagot niya. “I mean, right now, we are just dating. We haven’t declared yet that we’re exclusive. Hindi ko nais na madaliin siya.”

“But your son’s need for a mother is immediate,” seryosong turan ng kaibigan. “Or is it not?”

Napaisip si Gallen tungkol sa sinabi nito kaya hindi na lamang siya nagsalita.

Minabuti na lang nito na ibalik sa babaeng naka-old rose

na palda ang usapan.

“It would’ve been exciting kung nalaman ni Mang Dolfo kung saan nakatira ang babaeng ito,” anitong itiniin ang braso sa ibabaw ng bar.

“Oo nga,” sang-ayon niyang pilit inalala ang hitsura ng magandang estranghera sa kanyang isipan. Ipinagpatuloy niya ang pagkukuwento na para bang ang sarili niya ang kinukuwentuhan. “Nagpahatid lang ang babaeng ito sa sakayan ng tricycle na malapit sa simbahan ng Antipolo dahil doon din nagsibaba ang iba pang pinasakay ni Mang Dolfo. Sinundan ng driver ko ang tricycle at nagulat nang sa tapat ng isang beerhouse bumaba ang babae...”

“Do you think she really lives there?”

“Ayon kay Mang Dolfo, mumurahing beerhouse lang daw iyon,” paliwanag niya. “Wala sa hitsura ng babae na ito ay doon nakatira o doon nagtatrabaho. At naniniwala ako sa kanya.”

“Kung ganoon ay alam ng babaeng ito na sinundan ni Mang Dolfo ang tricycle,” konklusyon ni Eldon.

“Ganoon na nga,” pakli niya. “She didn’t want her residence to be known.”

“The one that got away,” komento nito bago sumenyas sa bartender ng isa pang round.